Pangalan ng Kostumer

Numero ng PG&E Account

Tirahan | Lungsod | Zip

Email (opsyonal) | Telepono

Sa pamamagitan ng paglalagay ng inyong email address, binibigyan ninyo ng pahintulot ang PG&E na pana-panahong padalhan kayo ng impormasyon tungkol sa inyong serbisyo sa utlility ng PG&E at mga programa at serbisyo ng PG&E na puwede ninyong makuha.

KAILANGAN NG AGARANG SAGOT
Kailangan ng katibayan ng pagpapatunay ng kita ng kabahayan.

Form para Humiling ng Pagpapatunay Matapos ang Pagkaka-enroll sa Programang California Alternate Rates for Energy (CARE)

Mga Instruksiyon para makumpleto ang form na ito:

1. **Kailangang magbigay kayo ng pruweba na kuwalipikado kayo sa programang ito.** Maglakip ng mga kopya ng (mga) dokumento para sa bawat miyembro ng kabahayan na kumikita o nakakatanggap ng pampublikong tulong.
2. **KAILANGANG pag-aralan ninyo ang mga nakalakip na dokumentong gabay para sa mga tinatanggap na anyo ng pagpapatunay.**
3. Ipadala ninyo ang nakumpletong form at (mga) kopya ng mga tinatanggap na dokumento, at gamitin isa sa mga sumusunod:

I-upload sa YourAccount
pge.com
Mag-sign in sa YourAccount (Ang Inyong Account),
at pagkatapos, i-klik ang notipikasyon na nasa itaas ng page.

Koreo (may inilaang sobre):
CARE Program
P.O. Box 7979
San Francisco, CA 94120-7979

Fax:
1-877-302-7563

Pakilista ang mga pangalan ng bawat miyembro ng kabahayan na kumikita o nakakatanggap ng pampublikong tulong
Ilista ang sinumang mga karagdagang miyembro sa isang hiwalay na piraso ng papel.

Bilang ng mga taong nakatira sa inyong kabahayan: Mga nakatatanda _____ **Mga bata** (mas bata sa 18 taon) _____

Paglalahad: Sa pamamagitan ng paglalagda sa paglalahad na ito, aking pinapatotohanan na ang impormasyong aking ipinagkaloob sa application na ito ay totoo at wasto. Aking kinikilala ang pagtanggap na aking nabasa at naunawaan ang mga nilalaman ng application na ito. Ako rin ay sumasang-ayon na sundan ang mga tuntunin at kondisyon ng programang CARE o ng FERA.

Lagda _____ Petsa _____

☐ **I-tsek lamang kung hindi na kayo kuwalipikado o kung hindi ninyo na gustong lumahok sa programang CARE, at lumagda rito.** _____

©2022 Pacific Gas and Electric Company. Reserbado ang lahat ng karapatan.

Gabay para sa Kinakailangang Dokumentong Nagpapatunay ng Kita

Nakalista sa chart sa ibaba ang mga pinagkukunan at katanggap-tanggap na anyo ng katibayan ng kita para sa pagiging kuwalipikado sa mga programang CARE/FERA. **Kailangan ninyong ipadala ang mga kopya ng mga dokumento para sa bawat miyembro ng kabahayan na tumatanggap ng kita.** Puwede rin kayong magpadala (bilang kapalit ng mga dokumentong nasa ibaba) ng kumpletong kopya ng pinakabago ninyong pederal na dokumento para sa pagbabayad ng buwis (federal income tax return), basta't kasama rito ang lahat ng pinagkukunan ng kita ng inyong sambahayan.

Tandaan: Para sa inyong proteksiyon, paki-black out o takpan sa pamamagitan ng pagguhit ang mga numero ng Social Security at/o bank account sa lahat ng kopya.

Kung tumatanggap kayo o sinuman sa inyong kabahayan ng kita mula sa:	Kailangan ninyong magpadala sa amin ng kopya ng:
Mga Bayad, Suweldo at Tip	(Mga) pinakabagong stub ng suweldo O IRS 1040 form (hindi tinatanggap ang mga W2)*
Mga Pensiyon, Social Security (SSA, SSDI, RSDI), Bayad para sa may Kapansanan, Workers Compensation, Mga Benepisyo dahil sa Unemployment, mga benepisyong VA (pambeterano)	(Mga) Liham ng pagtanggap ng tulong (award letter(s)) O Mga pinakabagong check stub O Pinakabagong statement mula sa bangko (para ipakita ang direct deposit)
Mga Grant mula sa Paaralan, Iskolarship, Iba pang Tulong	(Mga) liham ng pagtanggap ng tulong O Mga Statement
Insurance at/o Legal na Pakikipag-ayos	Mga dokumento para sa pakikipag-ayos
Suporta sa Anak at/o Asawa, Bayad para sa Pangangalagang Foster	Mga dokumento mula sa Korte O (Mga) pinakabagong stub ng suweldo
Kita mula sa Farm	Unang pahina ng IRS Form 1040 O IRS 1040 AT Schedule 1
Interes at/o Dibidendo mula sa: Ipon, Stocks, Bonds, Mutual Funds	IRS 1040 O (Mga) IRS Form 1099 O Pinakabagong statement ng bangko
Pagkuha ng Pera mula sa 401K o IRA o Annuities	(Mga) statement ng investment account O IRS Form 1040 O IRS Form 1099
Mga Tubo sa Kapital	(Mga) statement ng investment account O Unang pahina ng IRS Form 1040
Kita mula sa Pinauupahan at/o Royalty	Unang pahina ng IRS Form 1040 AT Schedule 1 O Kasunduan sa Pag-upa O Trust Statement
Kita mula sa Sariling Hanapbuhay, Mga Komisyon	IRS 1040 + Schedule 1 AT lahat ng Schedule C O Pinakabagong 3 buwang profit and loss statement
Pinanalunan sa Pagsusugal/Lottery	Unang pahina ng IRS Form 1040 AT Schedule 1
Kitang Cash (kung hindi pa kayo nakakapag-file ng buwis pederal o pang-estado)	Pirmadong sulat na nagdedetalye ng uri ng trabaho, tinatayang buwanang halaga ng bayad na cash at pangalan ng nag-eempleyo at numero ng telepono (kung naaangkop)
Mga Regalong Pera, Ipon, o kung wala kayong tinatanggap na anuman sa mga halimbawa sa itaas, o kung hindi kayo tumatanggap ng anumang kita	Pirmadong liham na nagpapaliwanag ng (mga) kasalukuyang pinagkukunan ng kita na pansuporta sa kabahayan

*Posibleng mangailangan ng karagdagang impormasyon kung hindi sapat ang isinumite upang malaman kung kuwalipikado.

Ang "PG&E" ay tumutukoy sa Pacific Gas and Electric Company, isang sangay ng PG&E Corporation. ©2022 Pacific Gas and Electric Company.
Nakareserba ang lahat ng karapatan.
Mayo 2022 CCC-0522-4769

Gabay para sa Kinakailangang Dokumento para sa Pampublikong Tulong

Inililista ng tsart sa ibaba ang mga pinagkukunan ng kita at mga katanggap-tanggap na dokumento para sa pagiging karapat-dapat sa programang CARE. **Para sa mga customer na naka-enroll sa CARE o FERA na may miyembro ng sambahayan na kasali sa isang programa sa pampublikong tulong, dapat nilang ipadala ang mga pinakabagong kopya ng mga dokumento ng mga miyembrong kasali sa programa sa pampublikong tulong.**

Tandaan: Para sa inyong proteksiyon, paki-black out o takpan sa pamamagitan ng pagguhit ang mga numero ng Social Security at/o bank account sa lahat ng mga kopya.

Kung lumalahok kayo o sinuman sa iyong kabahayan sa:	Kailangan ninyong magpadala sa amin ng kopya ng:
Women, Infants and Children (WIC)	Voucher ng WIC o pinakabagong liham na nagsaad ng pagkatanggap ng tulong/liham ng paglahok sa programa
Low Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP) CalFresh/SNAP (Food Stamps) CalWORKs (TANF) o Tribal TANF Head Start Income Eligible (Sa Tribal lamang) Supplemental Security Income (SSI) Medi-Cal for Families (Healthy Families A&B) National School Lunch Program (NSLP) Bureau of Indian Affairs General Assistance Medicaid/Medi-Cal (wala pang 65 taong gulang) Medicaid/Medi-Cal (may gulang 65 at pataas)	(Mga) pinakabagong liham na nagsaad ng pagtanggap ng tulong O liham ng paglalahok sa (mga) programa

Ang “PG&E” ay tumutukoy sa Pacific Gas and Electric Company, isang sangay ng PG&E Corporation. ©2022 Pacific Gas and Electric Company.
Nakareserba ang lahat ng karapatan.